



"**B**eauty, brains and body. I didn't mean to brag, but I got that to act," ani Trixie habang naglalakad papasok sa condominium na nilipatan niya noong isang linggo lang. "But you know my mother. She will not allow me to cut some slack, not when it comes to modeling, and definitely not when it comes to pageantry."

"You can win even if you wear a potato sack! Please, Trix! We haven't seen each other!" ani Venus, ang kaibigan niyang international flight stewardess. Nakasanayan na nilang magkita basta may pagkakataon.

"Like, three months ago." Napangiti si Trixie, pero napabuntong-hininga kinalaunan. "Pero kilala mo naman si Mama."

Inipit niya ang cellphone sa pagitan ng tainga at balikat saka pinindot ang up button ng elevator. Inayos niya ang pagkakabuhay sa paper bag na ang laman ay mga bilin ng kanyang ina. Kailangan

niyang i-monitor ang kinakain, kung hindi ay tiyak na mapapagalitan siya nito.

“Hello? Venus?” Muli niyang hinawakan ang cellphone at bahagyang napanguso nang makitang naputol ang tawag. Ang planong pagtawag sa kaibigan ay naantala nang bumukas ang elevator galing sa basement parking. Dagli niyang isinuksok sa bulsa ang cellphone, pero imbes na sumakay ay nanatili muna siya sa labas. Ayaw niyang makaabala sa kamunduhang ginagawa ng babae at lalaking sakay niyon.

“In the elevator? Really?” ani Trixie sa boses na puno ng disgusto. Hindi niya mapaniwalaan ang level ng indecency na kayang gawin ng ibang tao.

Ang lalaki ang humiwalay sa babae na ayaw pa ngang bumitaw rito. At nang mabistahan niya ang mukha ng lalaki ay naunawaan ni Trixie kung bakit. Kahit na may kahabaan ng buhok nito, na lalong nagulo dahil sa paghawak doon ng babaeng kahalikan, at waring sinadyang hindi ahitin ang five o'clock shadow, hindi maitatangging guwapo ang estranghero. Mas nakadagdag sa character nito ang almond-shaped na mga mata at ang makakapal na kilay.

Sasarado na sana ang pinto ng elevator nang

pagilalan iyon ng lalaki. Mula sa mukha nito ay napatingin si Trixie sa mga braso nito. Strong, defined muscles, halatang alaga sa gym dahil maging ang mga balikat nito ay defined din, kita niya iyon dahil sa paghakab ng t-shirt sa katawan nito dahil sa pangungunyapit ng babaeng kasama.

“Going up, Miss?” he said, a lopsided smile on his lips. Naglakbay sa katawan niya ang mga mata nito. Nang magtama ang mga mata nila ay hindi man lang nito sinubukang itago ang pagnanasa.

At hindi alam ni Trixie kung paanong imbes na mahindik ay nag-react pa ang katawan niya. Goosebumps appeared in areas that he openly stared at, and the heat in his eyes was slowly igniting the fire in the pit of her stomach. Una nitong pinagmasdan ang mga hita niyang naka-expose. Nakasuot siya ng shorts at baby pink button-down shirt na hindi nakabutones hanggang itaas. Ang mapag-obsorbang mga mata ng lalaki ay bahagyang nagtagal sa tapat ng kanyang dibdib.

Humigpit ang pagkakahawak ni Trixie sa paper bag, bahagya niyang iniharang iyon sa tapat ng dibdib. Her nipples reacted to the mere stare of a stranger! Disimulado niyang niyuko ang sarili. May kanipisan ang suot niyang damit kaya bigla

siyang nag-alangan na baka ibuko siya ng sariling katawan. Wala pang kahit sino na nagdulot sa kanya ng ganitong pakiramdam.

Naglapat nang mariin ang kanyang mga labi at humigpit ang pagkakahawak niya sa dala hanggang sa mabutas ng mga daliri niya ang paper bag.

“Miss?” muling untag ng lalaki, ang ngiting ibinigay sa kanya ay waring nagsasabing alam nito ang nararamdaman niya.

Pero kung dito ay halata ang panunudyo, ang babaeng kasama nito ay halata naman ang disgusto at inis sa mukha. Hindi pa rin nito inalis ang pagkakayapos sa katawan ng kasama, animo’y ipinamumukha sa kanya na pag-aari nito ang lalaki.

Wala sa bokabularyo niyang mang-agaw ng boyfriend ng iba. Ipinangako niya sa sarili na kailan ma’y hindi siya magiging third party. Hindi siya ganoon kadesperada. Pero hindi rin siya duwag.

Tinaasan ni Trixie ng kilay ang dalawa saka lumulan sa elevator at tinalikuran ang mga ito. Bago pa niya mapindot ang close button ay napindot na kaagad iyon ng lalaki.

“Which floor?” he asked in a husky voice. Bedroom voice. At hindi lang ang boses ng lalaki ang nakaakit sa kanya, maging ang pabango nito na

humalo sa natural nitong amoy. Nakagat ni Trixie ang labi at pumikit siya nang mariin.

“Same,” aniya sa boses na pilit pinakaswal.

“Same floor? Bakit ngayon lang kita nakita?” muling tanong nito sa likuran niya.

Imbes na sagutin ang tanong nito ay kinuha niya ang cellphone sa bulsa at sinagot ang tawag. “Yep?”

“So, as I was saying, we really need to catch up. I have a lot to tell you!”

“I really can’t, Vi,” aniya, bakas ang disappointment sa boses. “Gusto ni Mama na sumali ako sa *Binibining Laguna*. At hindi siya papayag na may ma-miss akong training.”

“Worth it ba talaga ‘yang provincial pageant na ‘yan?” ani Venus matapos umungol sa kabilang linya. “Kahit hindi ka mag-training, sa kalibre mo, kahit international pageant ay kaya mong ipanalo.”

“Sorry, Vi...” distracted na sagot ni Trixie. Hindi man niya kita, alam niyang nakatutok sa kanya ang mga mata ng mga kasama sa elevator, ramdam na ramdam niya ang pag-iinit ng likod.

“Isang araw lang. Please! For me,” ungot nito sa nanghihimok na tono.

“Hindi papayag si Mama na mag-skip ako ng training ngayong linggo dahil pre-pageant activities

na next week.”

Tumikhim ang babaeng nasa likuran niya. “I am here with you and you are looking at another girl like that?” tanong nito na hindi itinago ang inis at selos.

“Like what?” patay-malisyang sagot ng lalaki.

“Trix naman. One day lang. Beach lang tayo. I miss you na. At alam nating pareho na hindi mo na kailangang mag-training para d’yan. Piece of cake lang sa ‘yo ‘yan. Kahit ngayon na ang coronation night, siguradong ikaw ang kokoronahan.”

“You know my mother. Hindi siya makikinig. I have to follow.”

“You know there’s a word called ‘no’. And it’s very easy to say. N. O. No. My God, Trix! You’ve got to stand your ground! Hindi sa lahat ng oras ay susunod ka sa gusto ng mama mo,” sabi ng kaibigan, halata ang frustration at inis sa boses nito.

Ramdam ni Trixie ang pagtulay ng kilabot mula sa hita niya pataas. At kahit anong pilit niya, hindi niya magawang mag-focus sa usapan nila ni Venus. Tumingin siya sa elevator panel at nakahinga nang maluwag na palapag na nila ang kasunod.

“Do you still want me or should I go?” anang babae sa boses na animo’y nananakot.

The guy chuckled. And for the life of her, Trixie

could not understand how that chuckle made her heart beat erratically.

Huminga siya nang malalim. “Kilala mo si Mama, Vi. Kahit si Mama Andie ay sinabing sa *Binibining Pilipinas* na lang kami mag-focus, pero ayaw talaga niyang makinig.” Si Mama Andie ang baklang trainer/personal assistant ni Trixie, kababata ito ng kanyang ina at nakalakihan na rin niya. “Kapag ginusto ni Mama, ginusto niya.”

Imbes na sumagot ay nagpakawala ng malalim na buntong-hininga si Venus.

“Ikaw na lang kaya ang bumisita sa akin dito? Tamang-tama, hindi mo pa nakikita ang unit ko.”

“You can go, babe. It’s not as if I begged you to come with me,” sagot ng lalaki sa boses na hindi man lang kinabakasan ng pag-aalala.

“As\*hole!” sagot ng babae. “Magsama kayo ng maarteng babaeng ’yan!”

Nang bumukas ang elevator ay nagpatiuang lumabas ang babae at sadya siyang binangga. Dahil doon ay nabitawan ni Trixie ang paper bag, na nang bumagsak sa sahig ay tuluyang nasira at kumalat sa elevator ang mga laman—mansanas, orange, avocado, nuts, lettuce, olives, at pipino.

“Shit!” anang lalaki na biglang lumuhod at

pinulot ang mga nagkalat na prutas at gulay na dala ni Trixie.

Imbes na makipulot ay pinutol ng dalaga ang tawag at sinundan palabas ng elevator ang babae. Inabutan niya itong panay ang pindot sa down button.

“Excuse me, Miss. Baka gusto mong mag-sorry.” Humalukip siya.

Hindi ito sumagot, sa halip ay tiningnan pa siya nang masama. Akala yata ng babaeng ito ay masisindak siya. No freaking way! Tinaasan niya ito ng kilay. Kung maalam itong tumingin nang masama, maalam din siya niyon. Baka nga mas magaling pa siya.

“Well?” Bahagya niyang itinaas ang mukha.

“Bakit ba?” anito na tiningnan siya mula ulo pababa, halatang sinusukat ang pagkatao niya. Gusto niyang matawa. Kung may dapat magkuwestiyon ng moralidad sa pagitan nilang dalawa, siya iyon. Sinong babae ba ang nasa matinong pag-iisip na makikipag-make out sa elevator?

Trixie’s perfect eyebrow rose higher. Pumalatak siya saka umiling. “My *Chanel* perfume has no match to the stink of your insecurity.”

“Excuse me. Hindi ako insecure sa ‘yo,” anang



babae na namula ang mukha. “Akala mo kung sino kang maganda. Maarte ka naman.”

“Well, maganda talaga ako at matalino. So, p’wedeng hindi ako maging mabait. Lalo na sa mga babaeng katulad mo.” Umismid si Trixie. Narinig niya ang pagsara ng elevator at paglapit sa kanila ng lalaking iniwan niya roon para magpulot ng nagkalat na produce. Sabagay, dapat talaga nitong pulutin iyon dahil girlfriend naman nito ang dahilan ng pagkalat ng dala niya.

“Hey, Mister, how about teaching your girl some manners? And tell her to control her...” Nilingon niya ang lalaki at ang planong sasabihin ay nakulong sa lalamunan nang mabistahan ang hubad na katawan nito. Toned and proportioned. Ayaw niya sa mga lalaking may tattoo. Pakiramdam niya ay galing ang mga iyon sa kulungan, palatandaan na isang latak ng lipunan. But his tattooed body was mesmerizing.

“You want me tell her what?” He smiled seductively, the knowing glint in his eyes made Trixie’s blood rush to her face.

Huminga siya nang malalim bago tumayo nang tuwid. “Tell her to control her jealousy. Hindi ako desperada para mang-agaw ng boyfriend ng iba.

Hindi ko kasalanang ipanganak na maganda. At lalong hindi ko kasalanang may maakit sa akin, kahit na ba in a relationship sila,” aniya bago ito tinalikuran.

“Hey, Miss!” Humabol ito at inabot ang braso niya.

Dagling nahigit iyon ni Trixie dahil sa gulat sa init mula sa mga daliri ng lalaki na nanulay sa braso niya. Humarap siya rito, pero ang planong pagtataray ay bigla niyang nalimutan nang makita ang mapang-akit na ngiti sa labi nito. At lalo siyang na-distract nang manuot sa ilong niya ang nakahahalinang amoy nito. Masculine. Spicy. Her body reacted instantaneously.

Hindi rin niya napigilan ang muling pagbaba ng paningin sa dibdib ng kaharap. Sa kanang dibdib nito ay may tattoo na nakabukang pakpak na umabot hanggang sa may itaas ng balikat.

Makalipas ang ilang sandaling pagkatigagal ay naikuyom niya ang mga kamay at kinastigo ang sarili. Hindi niya maunawaan kung saan nanggaling ang matinding pagnanais na paglandasin ang mga daliri sa balat nito.

“You can touch. I won’t mind,” he said in his sexy voice.

Dagli siyang tumalikod para itago ang pamumula ng mukha. Bumilis din ang hakbang niya palayo sa lalaki. Muntik pa siyang mapalundag nang muling tumunog ang kanyang cellphone.

“Hello,” aniya sa tinig na medyo nanginginig pa. Ni minsan ay hindi pa nangyaring naakit siya nang ganoon sa isang lalaki. At sa lalaking may girlfriend pa! Napapikit siya nang mariin dahil sa naisip.

“Hey, what happened? Bakit naputol na naman ang tawag ko?”

“Nothing. I just got off the elevator,” aniya habang binubuksan ang pinto ng unit.

“Miss,” anang lalaki na muling lumapit sa kanya.

“What?” Iniwasan niyang muling mapatingin dito. Itinulak niya pabukas ang pinto.

“Ibibigay ko lang itong pinamili mo. Sorry, nalamog ang ibang prutas. Papalitan ko na lang bukas.” Iniabot nito sa kanya ang t-shirt na suot kanina. Nakabalot doon ang kanyang mga pinamili, na nakalimutan na niya talaga.

“Thank you.” Bigla niyang hinablot ang damit, pero hindi niya sinalubong ang tingin ng lalaki.

“Who’s that? Oh, my gosh! What a sexy voice!” ani Venus sa kabilang linya.

“I’m next door. Kung gusto mong ibalik ang

---

t-shirt, o kung sakaling may iba ka pang kailanganin, kumatok ka lang,” anito bago pa niya naisarado ang pinto.

## 2



"Come in. I'm gonna give you a key na lang of my condo so you could come in and out of here without disturbing me," ani Trixie na basta na lang binuksan ang pinto at muling tumakbo pabalik sa kusina. May nakasalang na salmon sa burner, baka ma-overcook iyon.

Katatawag lang sa kanya ng lobby personnel para ipaalam na dumating na ang kaibigan niya. Alam niyang hindi sila mauubusan ng topic dahil kagabi ay nag-umpisa na itong magkuwento tungkol sa photographer na naging pasahero nito sa isang flight kamakailan, na nagpakita ng interes dito.

"I am not ready for that. But if you insist," anang baritonong tinig na sumagot sa kanya bago nito isinarado ang pinto. Trixie's jaw dropped when she saw who her visitor was. Ngumiti ang lalaki at lumakad palapit sa kanya.

She was momentarily dazzled by his smile. Katulad kahapon, hindi pa rin ito nag-ahit. Pero

kung sa iba ay kinaiinisan niya ang ganoong itsura, na pakiramdam niya ay sangganong sa kanto lang nakatambay, sa lalaking ito ay parang mas nakadagdag pa sa personalidad nito ang five o'clock shadow. Ang kaibahan lang ay maayos na nakasuklay ang buhok nito, hindi katulad kahapon na magulo.

“Sunog na yata ‘yang nasa frying fan mo,” anito, naipatong na ang dalang basket na may lamang mga prutas sa counter top pero hindi pa rin siya makakilos.

“Shit!” Agad niyang pinatay ang kalan at hinango ang nag-aalimpuyong frying fan. Sunog na nga ang salmon. “Ano’ng ginagawa mo rito?”

“Papalitan ang mga nalamog na prutas kagabi.” Mula sa kanyang mukha ay naglakbay ang mga mata nito pababa sa kanyang katawan.

Dahil ang inaasahan ni Trixie ay si Venus lang ang bisita, hindi na siya nag-abalang magbihis. Naka-sleepwear pa siya. Satin pajama shorts at spaghetti-strapped blouse lang ang suot niya. At ni wala siyang suot na bra!

Kasabay ng pag-init ng kanyang mukha ay ang pagtulay ng masarap na kilabot sa buong katawan niya. Huminga siya nang malalim para paglinawin ang isip, ngunit nang magtama ang mga mata nila

ay nalimutan niya ang sasabihin. Ang mga mata ng kaharap ay puno ng paghanga at pagnanasa. At muli, imbes na maiskandalo sa paraan ng pagtitig nito sa kanya ay nag-react pa ang katawan niya.

Napalunok siya. Bahagyang umawang ang kanyang mga labi. Hindi niya magawang ihiwalay ang paningin sa kausap.

Ang muling pagtunog ng doorbell ang nakapagpabalik ng huwisyong ni Trixie. Agad niyang inabot ang satin robe na kapartner ng pantulog. Mabuti na lang at hinubad niya iyon noong nasa kusina na siya. Pero ang naikubli lang ng roba ay ang kanyang dibdib, dahil ang haba niyon ay lumampas lang halos sa maikling shorts na pantulog. Kita pa rin ng lalaki ang kanyang mga hita. Lalong nag-init ang mukha ng dalaga.

“Excuse me.” Imbes na ang pinto ang takbuhin ay mas inuna niyang pumasok sa kuwarto at kumuha ng ibang roba na mas mahaba kaysa sa suot niya.

Paglabas niya ay nasa sala na ang lalaki, hawak nito ang naka-frame na picture nila ng daddy niya, na ang kuha ay nakayapos siya sa ama mula sa likuran at nakahalik sa pisngi nito. Imbes na punahin ang lalaki ay binuksan niya ang pinto. Sa paraan ng sunod-sunod na pagpindot sa doorbell ay nasiguro

niyang si Venus iyon.

“Hi!” habol-hiningang bati niya sa kaibigan.

“What took you so long, Trixie Ann Marie Cabrera?” nakataas ang kilay na tanong nito. “Matapos mo akong padaanin sa grocery at pabilhin ng kung ano-ano, hahayaan mo akong tumayo sa labas nang gan’on katagal?”

“Sorry,” ani Trixie, niluwangan ang pagkakabukas sa pinto.

“You’d better be! Hindi ka na naawa sa ak—” Napatigil sa pagsasalita si Venus nang mapagawi ang tingin nito sa lalaking nakatayo sa gitna ng sala at napatitig dito. Bumaling muli sa kanya ang kaibigan, pinasadahan ng tingin ang suot niya. Hindi maayos ang pagkakatali niya sa sash ng roba kanina kaya muli niya iyong ibinubuhol. “Oh. I see...”

Pinandilatan niya ito, “Get your mind off the gutter!” aniya bago ito tinalikuran.

Ang bisita naman niya ay nilapitan si Venus at kinuha ang mga dala nito. Ito na rin ang nagpatong niyon sa counter top, katabi ng basket ng prutas na dala nito.

“Mind telling me your name? Ang best friend ko ay nagawang maglihim sa akin,” anang babae na tinapunan siya ng nanunumbat na tingin bago



muling bumaling sa estranghero.

Tumalikod siya upang humarap sa lababo, pumikit saka huminga nang malalim. Her heart was still racing. Nakakatawang halos nakita na ng lalaki ang lahat sa kanya, pero ni hindi pa man lang niya alam ang pangalan nito.

“MacKenzie Andrade. You can call me ‘Macoy.’”

Nakagat ni Trixie ang kanyang ibabang labi. His husky voice sent electrifying vibrations on her nerve endings.

“So, hanggang kailan n’yo planong ilihim ang relasyon n’yo?”

Binitawan ni Trixie ang frying fan at muling humarap sa kaibigan. “Venus!”

“What?” anito na inismiran siya. “Hindi ka basta-basta nagpapapasok ng kung sino-sino lang sa condo mo, lalo na’t nakapantulog ka pa.” Muli nitong pinasadahan ng tingin ang suot niya. “So spill it. Hanggang kailan mo ‘ko planong paglihiman tungkol sa boyfriend mo?”

Bigla siyang na-conscious. Bakit nga ba hindi niya naisip na magpalit muna bago muling balikan ang pagluluto? The presence of this man was messing up her brain functions!

“Hindi ko siya boyfriend, okay! May girlfriend

na siya. Pinalitan lang niya ‘yung mga prutas na nalaglag kagabi sa elevator dahil sa girlfriend niya. At nakapasok siya dito dahil akala ko ikaw na ‘yong pinagbuksan ko ng pinto,” paliwanag ni Trixie, itinago niya ang pagkapahiya sa pamamagitan ng pagsasalita sa may katarayang tono.

“Oh...” ani Venus, nakataas ang kilay nito nang balingan ang bisita niya.

“Lilinawin ko lang, hindi ko siya girlfriend. Single ako.”

Bigla siyang napabaling kay Macoy. Ayaw man niyang aminin ay may tuwa siyang naramdaman. Nang magtama ang mga mata nila ay biglang ngumiti ang lalaki, bakas ang panunudyong sa mga mata.

Tinaasan niya ito ng kilay. “Talaga? Eh, bakit halos magpalit na kayo ng mukha sa elevator pa lang?”

“You sound like a jealous girlfriend, Trix,” nanunudyong susog ni Venus. Ramdam ni Trixie ang muling pamumula ng mukha, at lalo iyong uminit nang tumawa si Macoy.

“I’m not jealous. Concerned lang ako d’un sa babae. Kawawa naman. Hindi naman pala girlfriend pero...”

“Wait! Concerned ka? Talaga? Samantalang kagabi sabi mo—”

Tiningnan niya nang masama ang kaibigan.

“Okay, okay. S’abi mo, eh,” natatawang salita nito bago tumayo. “Excuse me, pupunta lang ako sa bathroom.”

“Hindi ako namimilit ng babae, kung iyon ang iniisip mo. I told her, and all the other girls before, that I don’t do relationship and those cheesy, weird stuff people do because of love. Pero nagkusa pa rin siyang sumama sa condo ko. She insisted on coming, actually, and I only aim to please,” ani Macoy bago siya muling nginitian.

Ang sensible na bahagi ng utak ni Trixie ay sinasabing paalisin na niya ang binata, ngunit nanalo pa rin ang irasyonal na bahagi ng utak niya. Alam niyang mali at dapat siyang mag-ingat, pero may kung anong panghalina si Macoy na imbes na pakinggan ang warning bells, binalewala lang niya iyon.

“Pinapalabas mo pa talaga na hindi ka nagta-take advantage sa mga babae?” Sumandal si Trixie sa tapat ng lababo at itinukod ang mga kamay sa magkabilang tagiliran.

“Dahil hindi naman talaga. Mga babae ang

lumalapit sa akin. S'abi mo nga, hindi mo kasalanang maganda ka at maraming naaakit sa iyo. Gan'on din ako."

"Touché." Nagkibit-balikat siya. "Pero hindi pa rin tamang samantalahin ang kahinaan ng mga babae. You could have at least...." Hindi na niya tinapos ang sasabihin. Alam naman niyang imposible iyon. Sinong lalaki ba ang aayaw kung babae na ang lumalapit? At isang tingin pa lang, nasisiguro niya na kabilang sa ganoong uri ng lalaki si Macoy.

Ang sinumang babaeng magkakamaling makipaglapit at magpadala sa mapang-akit na ngiti nito ay siguradong makukulong sa kakaibang hipnotismong taglay ng lalaking ito. At tiyak na wala nang kawala ang sinumang babae kung tuluyang mapapatitig sa mga mata nito. Mga matang tingin pa lang ay waring dinadala ka na sa dako pa roon.

Shivers ran down in Trixie's spine.

"Again, siya ang nagpilit," anito na sinabayan ng kibit-balikat. Muling naglakbay ang mga mata nito pababa sa kanyang katawan. Naipit ang hangin sa baga ni Trixie, disimulado niyang niyuko ang sarili. Ipinagpasalamat niya ang makapal na robang suot, naitago niyon ang totoong epekto ng mga titig ni

Macoy sa kanyang katawan.

Pinakawalan niya ang hangin sa pagitan ng mga labi bago pinaikot ang mga mata, “Yeah. Whatever,” aniya bago nilinga ang kaibigan na palapit muli sa kanila. “I’ll just take a quick shower. Ikaw na ang bahalang magpalabas sa kanya.”

“Wow! Hindi naman masyadong direct na gusto mo na siyang paalisin, ano!” natatawang sagot ni Venus bago nilingon ang lalaki. “That’s my best friend for you. Hindi uso ang salitang subtlety sa kanya. Solong anak, kaya may pagkamaldita.”

“I know. Narinig ko na kahapon kung gaano siya kaprangka,” ani Macoy.

Hindi na pinansin ni Trixie ang dalawa, dumiretso na siya sa kuwarto para maligo. She needed that. Gosh! This guy was making her aware of her sexuality in ways she had never known before.



“Akala ko ba we’ll spend most of our time together talking? Eh, kanina ka pa panay ang cellphone d’yan. At hindi ka naman nagworkout,” sita ni Trixie sa kaibigan.

Nasa gym silang dalawa at napagkasunduan nilang sa treadmill mag-umpisa. Pero kung siya ay tumatakbo na, si Venus ay parang naglalakad lang sa

ilalim ng buwan. Pangiti-ngiti pa habang gumagamit ng cellphone.

“Wait lang. Austin is texting me kasi,” anito na nakatitig pa rin sa aparato.

“Akala ko ba may photo shoot siya?” nakakunot-noong tanong niya.

“Yeah. Ini-invite niya ako doon, actually,” anito na tumingin sa kanya, guilt written all over her face.

Ayon kay Venus ay kagabi lang din dumating sa bansa ang lalaki na nakabase sa Singapore. Sa Intramuros daw ang location ng photo shoot nito na gagamitin sa editorial spread ng isang international magazine.

Umismid si Trixie. “Okay. Go. Ano nga ba naman ang panlaban ko sa future boyfriend mo?”

“Ikaw na lang kaya ang sumama sa akin? Mamaya pa naman ang training mo, di ba? I can introduce you to him. He’s the resident photographer of *Harper’s Bazaar*, ‘tapos nag-co-contribute din siya sa iba pang magazines worldwide. Baka makuha ka niyang model sa mga susunod na shoots niya.”

“Modeling na naman? No, thank you.”

“I’m sorry naman. I forgot that you’re the brand ambadress of a toothpaste, a clothing line, a shampoo brand, a fastfood restaurant, skin care and

makeup products, and recently got a casting call from a prestigious lingerie brand in US,” sarcastic na sagot ni Venus bago siya inirapan.

“Nakakasawa ring laging nasa harap ng camera. Gusto ko namang maiba ng linya ang ginagawa.”

Hindi na mabilang ni Trixie ang mga casting, maging ang mga print ads at commercials na ginawa niya. She also opened for a lot of fashion shows both here and in the neighbouring Southeast Asian countries.

Mula sa modeling ay unti-unting nababaling sa photography ang hilig niya. A picture paints a thousand words, at gusto ni Trixie na isa sa mga araw na ito, makapag-contribute siya sa motto na iyon. Humahanga siya sa mga litrato na nagagawang maganda ang isang lugar o interesting ang isang tao, kahit na sa unang tingin ay parang ordinary lang ito. At malaki ang tulong ng field of work niya dahil marami siyang nakukuhang tips and techniques sa mga photographers na nakakasalamuha.

Ang tanging pumipigil sa kanya na mag-aral ng photography ay ang kanyang ina. Nasabi na niya minsang gusto niyang mag-aral ngunit tumutol ito. Hindi raw nababagay sa kanya ang magtrabaho sa likod ng camera. Sayang daw ang ganda niya. Dapat

daw ay siya ang kinukuhanan, hindi ang kumukuha.

At isa pa, sa dami ng commercials, print ads, at fashion shows na nai-book niya, paano pa nga ba niya maisisingit ang pag-aaral? Lalo na ngayong idinagdag pa ng ina niya ang pageantry sa kailangan niyang ma-accomplish sa buhay.

At para hindi magalit sa kanya ang ina, natutunan ni Trixie na sundin na lang lahat ng gusto nito. Mother knows best, her mom would always tell her.

“Kaya pala pamilyar ka sa akin,” ani Macoy na bagong lapit sa kanila. Tumayo ito sa pagitan ng treadmill na ginagamit niya at ni Venus, nakaharap sa kanya.

Trixie's steps faltered. Maigi't nakakapit kaagad siya sa handle. As gracefully as she could, she pretended as if nothing happened. Pero hindi niya maihiwalay ang paningin sa lalaki. Ang sando nito ay basa ng pawis, ngunit lalo lang iyong nakadagdag sa natural na pang-akit na taglay ng binata. Humigpit ang pagkakakapit niya sa handle nang muling mapatingin sa tattoo ng binata. Binawasan na rin niya ang speed ng treadmill. Bigla siyang hiningal. Pero hindi sa pagtakbo, sa pagtitig lang sa lalaking ito.

The way that damp shirt hugged Macoy's body



was perfection. And the way that shorts fell in front of his crotch! He could give *Nike* models a run for their money. Even some male models she worked with had no match to his natural charm. He oozed with sex appeal.

“Una pa lang ay sinabi ko nang pamilyar ka,” ani Macoy habang nakatitig sa kanya. Nakasuot siya ng tight fitting baby blue boxer shirt at black leggings, ang buhok ay naka-ponytail kaya walang hiblang nakaharang sa kanyang mukha.

Macoy was well aware of his disarming charm. The way he looked at her under those thick lashes made her body temperature rise. At sa isang lalaking pawisan na, parang hindi dapat kaakit-akit ang amoy nito. But for some reasons, his smell was actually inviting. It made Trixie’s mouth run dry.

“I know I have seen your mystical eyes and sensual lips before.” His lips curled up on one side.

Napalunok si Trixie. Pakiramdam niya ay lalo siyang nauhaw.

“Real smooth, Macoy,” ani Venus na pinatay na ang treadmill. “Pero kung gusto mong ma-fall sa ‘yo ang best friend ko, mas matindi pa d’yan ang kailangang gawin mo. Halos buong buhay niya’y napalilibutan siya ng mga male models.”

“Model sila, iba ako,” ani Macoy bago siya kinindatan, at hindi lang ang mga pisngi ni Trixie ang uminit, pakiramdam niya pati buong paligid. Mas binagalan pa niya ang treadmill. Hindi niya maunawaan kung bakit unti-unting nawawalan ng lakas ang kanyang mga hita.

“Try harder, buddy,” natatawang komento ni Venus bago bumaling sa kanya. “Let’s go. I will tell Austin I have plus one.”

“Nah. Alam kong after ng photo shoot ay gugustuhin n’yong mapag-isa. At ako? Paano ako? I would rather stay here na lang,” aniya bago inabot ang water bottle at uminom. The guy who stood just inches away from her made her so hot and thirsty!

“You sure?” ani Venus, tumaas ang isang kilay.

“Yeah. Enjoy your day with Austin. Saka ko na sasamantalain ang pagkakataong matutuhan ang ginagawa niya kapag kayo na. Kapag alam kong hindi na nakakahiyang mag-intrude dahil marami na kayong time na na-spend sa isa’t isa.”

“Okay. Ako ang gamitin mo kahit ikaw ang ayaw umalis dito,” anito na pinatirik ang mga mata bago sumulyap kay Macoy.

Pinaikot ni Trixie ang mga mata niya, pero hindi siya nagkomento. Isa pa, hindi naman niya kayang

pasubalian ang sinabi ng kanyang kaibigan. At hindi na siya dapat magtaka kung bakit alam ni Venus ang totoong nararamdaman niya. Mula high school ay magkaibigan na sila. Kahit dulo ng buhok niya ay kilala nito.

“Ikaw na muna ang bahala sa best friend ko, Macoy,” ani Venus bago tumalikod. Nabigyan na niya ito ng susi ng condo kaya makakapasok na ito roon anytime. Naibigay na rin niya sa building administrator ang pangalan ng kaibigan niya sa mga tao na makakapasok kahit walang endorsement niya.

“I knew it. Hindi ka ordinaryong babae lang,” sabi ni Macoy. Ito na ang gumamit sa treadmill na binakante ni Venus.

Hindi sumagot si Trixie, itinuloy lang niya ang mabagal na paglalakad. Mayamaya ay titigil na rin siya sa treadmill at lilipat sa leg press. Mukhang kinukulang ng exercise ang legs niya. Sa pagtitig pa lang ng isang lalaki ay biglang nawalan iyon ng lakas.

But how could she leave the treadmill? Macoy was such an interesting, delectable male specie. Napapikit siya. Delectable talaga? This guy was really messing up her brain! Matapos patayin ang treadmill ay naupo muna siya sa pinakamalapit na bench at muling uminom ng tubig.

“Ikaw ‘yong nasa billboard ng isang jeans ad sa EDSA,” untag ni Macoy na naupo rin sa tabi niya. Kinuha nito ang tuwalya sa nakapatong na gym bag sa sahig at nagpunas ng pawis sa leeg. “Kagabi ko pa nakumpirma. I searched the Net to double check.”

“Why? Interesado ka sa jeans?” ani Trixie para lang i-distract ang sarili. Kaiinom lang niya pero uminom ulit siya ng tubig. Nag-proper wind down naman siya bago tumigil sa pag-treadmill, pero bakit imbes na unti-unting bumagal ang tibok ng puso ay lalo iyong bumilis?

“Hindi ‘yung jeans ang nakaagaw ng atensyon ko. Ang totoo, ‘yung model ang tinititigan ko. Ang mga billboard na iyon sa EDSA ang dahilan kung bakit hindi ako nababagot sa traffic.” Inabot nito ang baong tubig at uminom. His face slightly up, his Adam’s apple moving with every gulp, his half-closed eyes watching her closely, seductively.

Kung dati ay naiinis si Trixie sa ganoong mga salita at titig, sa lalaking ito ay kabaliktaran ang epekto sa kanya. She actually felt a fuzzy sensation in her tummy. She felt a little light-headed. Alam niyang hindi naman siya nasobrahan sa exercise. Exercise pa lang sa treadmill ang ginawa niya, pero bakit sa pakiwari niya ay nag-shadow boxing na siya?

Mas mabuti pang bumalik na lang ulit siya sa unit at mag-yoga. Kailangan niyang alisin ang agiw na unti-unting gumugulo sa isip niya.

## 3



**T**umingin sa relong suot si Trixie bago muling bumuntong-hininga. Magsasampung minuto na sila roon, pero hindi pa rin nakikita ang anino ng kanyang kaibigan. Hindi niya alam kung papasok na ba siya o aalis. Nagbilin kasi itong susunduin na lang siya sa labas.

Pagkatapos ang training ay nagpahatid siya sa isang high-end bar sa Makati. Dahil nabitin sila sa bonding kanina, napagkasunduan nilang magkita ulit ngayong gabi.

Simula nang lumipat sa condo unit ay hindi pa nakakatulog doon ang ina niya kaya gusto nitong sumama sa kanya kanina, nagdahilan lang siyang doon din matutulog ang kaibigan kaya hindi na ito tumuloy. Pero hindi niya ipinaalam sa ina na pupunta pa siya sa bar. Tiyak na hindi iyon papayag.

“Hayan na pala si Venus,” ani Mama Andie. Kung hindi siya papayagan ng kanyang ina, si Mama Andie ay nakasuporta naman sa kanya. Deserved

daw niya ang paglabas ngayong gabi dahil sa lahat ng pagod sa training. Isipin daw niya na treat niya iyon sa sarili. Ang tanging bilin lang nito ay huwag siyang magpapakalasing. Kung hindi ay parehas silang malilintikan sa mama niya.

“We’re about to go na, actually. Pakasaya ka na sa piling ni Austin,” bungad niya sa kaibigan pagkababa niya ng bintana ng sasakyan.

“Hi, Ma Ands!” Nag-flying kiss ito sa trainer niya bago siya binalingan. “Stop being a bitch and come out. You should see him,” excited na sabi ni Venus.

“What is it for me?” aniya na nakataas pa ang kilay, imbes na bumaba ay humalukipkip lang siya.

“Bumaba ka, tingnan mo. Ikaw ang humusga,” nakataas din ang kilay na sagot nito. “And believe me, you’ll thank me later. Kaya ngayon pa lang, you’re welcome na,” anito na dumukwang sa loob at binuksan ang pinto saka hinigit siya palabas ng sasakyan.

“I told you I had enough photo shoot to last me a lifetime.” Nagdadabog na bumaba ng kotse si Trixie. Nang umalis ito kanina sa condo unit ay dinampot pala nito ang portfolio niya at ipinakita kay Austin.

“Sira! Hindi iyon. Wala pang io-offer na trabaho sa iyo si Austin,” anito na bumalik na ulit ang sigla

sa boses.

“Bakit ba kasi ang tagal mo?” sita niya habang nagsusuot ng cap.

Alam ni Venus na ayaw niyang naghihintay o may pinaghihintay. Kahit na may pangalan na siya sa modeling industry, na-maintain niya ang reputasyon sa pagiging punctual, hindi primadonna at demanding. Iyon ay kung siya at si Mama Andie ang magkasama sa set. Ibang usapan kapag naroon si Mama Patty. Her mom had different odd requests that made the production team crazy at times. Hanggang kaya niyang gawin ay hindi talaga niya isinasama ang mama niya. Pero, lately, nagiging masyadong active at dominant ang ina. Paano ay pageant season na uli.

“Alam nating maganda ka, pero baka p’wedeng pakibawasan ang arte.” Inismiran pa siya ni Venus. “Ma Ands, baba ka rin muna. I’ll introduce you to Austin.”

“Sure, honey. Kikilatisin ko na muna ‘yang boylet mo bago ako umalis.”

Ngumiti si Venus bago siya binalingan at hinigit, “Dali na! You’ll be surprised!” Kahit medyo malamlam ang ilaw pagpasok nila sa establishment ay halata pa rin ang kislap sa mga mata nito. “I



selected the best seat in the house.” Hinila siya nito palapit sa entablado.

Luminga sa paligid si Trixie. Halos puno ang bar. At hindi niya mabistahan ang banda na nasa entablado dahil sa nagsisiksikang kababaihan sa unahan. Napailing siya habang nagpapatianod sa kaibigan.

Palapit pa lang sila sa lamesa ay may lalaki na kaagad ay tumayo pasalubong sa kanila. He was a Caucasian. Walang dudang ito si Austin. Nasabi na ni Venus sa kanya na American ito, nakabase lang sa Singapore dahil sa trabaho.

“Hi.” Nakangiting inilahad nito ang kamay sa kanya. “Austin Jenkins.”

“Trixie Cabrera. Nice to meet you.” Inabot niya ang kamay nito.

“Andie Cajano. Fairy godmother of these two.”

“Nice to meet both of you. Let’s take a seat,” ani Austin na itinuro ang lamesang binakante nito.

“I just wanted to meet you, but I need to go,” nakangiting tanggi ni Mama Andie.

“Oorder lang ako ng maiinom,” ani Trixie.

“Naka-order na ako ng Strawberry-Rose Splitzer para sa ating dalawa,” ani Venus na hinigit na siya paupo sa bangko bago tumingin kay Mama Andie.

“No hard drinks. Right, Ma And’s?”

*“And I’d give up forever to touch you, ’cause I know that you feel me somehow, you’re the closest to heaven that I’ll ever be, and I don’t want to go home right now.”*

Naagaw ng malamyos na tinig na iyon ang atensyon ni Trixie at gayon na lang ang gulat niya nang mapagsino ang kumakanta.

Si Macoy! Hindi lang ito basta kumakanta, tumutugtog din ng gitara. Nakasuot ito ng puting t-shirt at ripped jeans. Ang buhok na may kahabaan ay magulo. Pero mukhang ang kasimplehan pa ng get-up ng binata ang nakapagpaangat ng karisma nito. The light coming from the back of the stage hit Macoy, and it made him shine. It made him look like a dream. Lalo na’t may mga mumunting usok na nasa hangin na tinatamaan ng ilaw.

“You’re welcome,” narinig niyang tudyo ni Venus.

“I’ll get going. Be on time tomorrow, Trixie,” ani Mama Andie.

Pero wala ni isa sa dalawang nagsalita ang inintindi niya. Ang buong konsentrasyon niya ay napunta na sa entablado.

Trixie’s eyes were fixed on him. She was seeing

a different Macoy. He looked so genuine, so taken by the song. He kept his face down and his eyes closed. He was not just singing, he actually meant every word, like he was thinking of somebody while singing the song.

And when the instrumental part of the song came, Trixie's heartbeat suddenly spiked. Her eyes remained on him, glued on the way he banged his head. Marvelling at the way his hair captured the light coming from his back, mesmerized by the way he strummed the strings of his guitar and hypnotized by the way his shirt clung to his body like second skin.

Nahigit niya ang hininga nang pagmulat ng mga mata si Macoy ay tumingin ito sa kanya, at pakiramdam ng dalaga ay nagwala ang mga paruparo sa kanyang sikmura nang ngumiti ito. Wala sa sariling inabot niya ang baso at uminom. Naunawaan na niya kung bakit halos sumampa na ang mga babae sa ibabaw ng stage.



Macoy felt something different. Pakiramdam niya ay may mga palasong ibinabato sa gawi niya. Kaya sa kabila ng konsentrayon niya sa pagtugtog at pagkanta ay napamulat siya at nag-angat ng mukha.

Ang babaeng iniisip niya habang kumakanta ay nakaupo ilang dipa mula sa kanya, Bakas sa mukha nito ang paghanga. Hindi niya inihiwalay ang paningin dito, bagkus ay nginitian pa niya ang dalaga.

Wala pang babaeng nakagawa nito sa kanya. Sa tuwina ay laging nasa pagkanta at gitara ang focus niya basta nasa entablado. Kaya nga kahit marami rin siyang pinagkakaabalahan ay hindi niya mabitawan ang pagkanta. Kahit ang mga magulang niya ay nakasuporta sa hilig niya sa musika. Music was his escape. Girls could wait after the gig. But somehow, a girl managed to break his concentration by a mere stare.

Pero ang babaeng ito ay hindi basta-basta. Unang beses pa lang niya itong nakita sa labas ng elevator ay parang may sumuntok na sa kanyang sikmura.

Round, smooth legs that ran like forever. Small, proud breasts that he could bet his life would fit his hands perfectly. For the very first time in his life, Macoy felt a lethal attraction toward a woman.

Without breaking their eye contact, he stopped playing the guitar and held the mic with both hands, *“And I don’t want the world to see me, ’cause I don’t*

*think that they'd understand, when everything's meant to be broken, I just want you to know who I am, I just want you to know who I am...."*

And when the song ended, Macoy gave her a wink and a smile.



“Monday morning? Alam mong may shoot ako tomorrow, di ba?” ani Trixie. Kausap niya sa kabilang linya ang kanyang inang si Patty.

Nasa terasa siya ng condo unit, dinidiligan ang mga halaman na naroon. Succulent at cactus ang nakahanay sa mga paso. Napatingin siya sa terrace ng katabing unit niya at napailing. Out of place ang wicker chair na naroon. Ang paligid ay makalat at mukhang hindi man lang nalilinis. Pulos basyo ng bote ng alak sa paanan ng upuan. Mayroong mga paso roon, pero wala nang halaman at tuyong-tuyo ang lupa. Ang nakalagay ay ilang upos ng sigarilyo.

Nagkibit-balikat si Trixie. Muli siyang nag-focus sa ina.

“Presentation of Candidates sa kapitolyo. You have to be there.”

“Ma, alam n’yo namang unpredictable ang commercial shoot, di ba? Paano kung late na kami matapos? Bakit kasi sa dami ng pageant na p’wede

kong salihan, d'yan pa talaga sa Laguna?"

"Dahil taga-Laguna ka naman talaga. Granting na sa Manila ka na lumaki, pero sa Laguna ka ipinanganak, Trixie. At 'wag mo nang kuwestiyunin. Pasok ka na sa candidates at hindi ako papayag na mapahiya."

Matapos maibaba ang tabong hawak ay dinampot niya ang isang maliit na paso na may tanim na cactus at naupo siya sa outdoor chair.

"Pero, Ma..."

"Nakausap ko na si Vicky," tukoy nito sa head ng production team ng commercial para sa soft drink na gagawin niya, "May na-set na akong cut-off time sa kanya. Alam na niyang uuwi ka pa sa Laguna. Kailangang nasa kapitolyo ka na bago ang flag raising ceremony. Make sure na naroon ka na bago mag-alas-seis ng umaga."

Ibinaba niya sa kandungan ang cactus at hinilot ang sintido.

"Sanay ka sa maagang call time. Hindi na bago sa iyo 'yan. I will be travelling to Sta. Maria today. Kakausapin ko pa si Ruffa at kukunin ko na rin ang casual wear na provided nila na isusuot mo sa kapitolyo," anang ina na pinutol na kaagad ang tawag, ni hindi siya binigyan ng pagkakataong

magsalita.

Muling bumuntong-hininga si Trixie at ibinaba ang cell phone sa ibabaw ng maliit na mesa sa tabi ng outdoor chair. Inangat niya uli ang cactus at tinitigan iyon. Pakiwari niya ay isa rin siyang cactus. Lumaki siya sa hindi normal na family setting. Anak siya ng ina sa pagkadalaga, ang ama ay minsan lang niya nakikita, at kailangang patago pa.

Lumaki siya na kasama nga sa bahay ang ina, pero kinulang siya sa pagkalinga. Nagiging malambing lang ito sa kanya kapag may kailangan at gustong ipagawa sa kanya, pero oras na magpakita siya ang pagtutol ay nagiging mahigpit ito. Sa ganoon siya lumaki, at nagsisisi si Trixie. Sana ay hindi na siya nagpahaging ng pagtutol kanina para imbes na pautos, malambing ang ina sa kanya.

Napailing na lang siya bago ini-dial ang number ni Mama Andie. “Ma Ands,” malambing na bati niya nang sumagot ito.

“Yes, darling?” anito na halatang nagising niya.

“Nasabi ba sa ’yo ni Mama ang tungkol sa pagpunta ko sa Laguna sa Lunes? At alam mo bang alas seis ng umaga ay dapat naroon na daw ako? I don’t know if we can, Ma. May shooting pa ako bukas,” aniya habang nakatitig sa cactus, ang

daliri niya ay nilalaro ang tinik niyon, maingat na pinaglalandas ang daliri sa ibabaw para hindi siya matusok.

“Oh, that,” anito, rinig niya ang paghigit ng kausap ng malalim na hininga.

“I don’t understand her. Sinabi niya dati, wala akong mahihita sa probinsyang iyon kaya pinalaki niya ako dito sa Manila. Pero ngayon, sa pageant sa probinsyang iyon ay gusto niya akong isali,” naiiling na sagot ng dalaga.

“I know, darling. Hindi ko rin maintindihan ang ina mo at ang obsesyon niya sa *Binibining Laguna*. My God! Kung alam mo lang ang naging pagtatalo namin sa pagsali mo diyan. But who am I ba? Trainer, PA mo lang naman ako,” anito na bakas ang lungkot sa boses.

Napapikit si Trixie. Alam niyang sinumbatan na naman ito ng ina niya na kaya nakakariwasa ay dahil dito. “You are more than that, Mama Ands, you know that. Naging ina at ama na rin kita.”

“Thank you, darling,” anito sa basag na tinig. “Well, anyway, alam ko ang dahilan kaya ka tumawag, at sorry, darling, pero hindi kita maipagda-drive.”

“Pero hindi ko pa kayang mag-drive, Ma!”

“Yes, you can, darling. Para saan pa ang driving



lessons at ang bagong sports car mo? At nakapag-drive ka na from your condo to my studio.”

“Short drive lang naman kasi ’yon, Ma. But from here to Laguna? In an expressway? Oh no! I can’t drive that long. Please. For me?”

“Bakit hindi mo gamiting test sa sarili mo ang pagda-drive mag-isa pa-Laguna, Trixie? Magandang patunay sa self-reliance at freedom na matagal mong inungot sa ina mo iyan. You have to trust yourself, darling. And if you can’t drive a damn car, how are you going to prove to your Mama that you can now drive your own life?”

Natigilan si Trixie, nakagat niya ang labi at muling napatitig sa cactus sa kandungan niya.

Matapos ang mahabang katahimikan ay bumuntong-hininga si Mama Andie, “You’re turning twenty-three, so learn to practice your freedom and free will, darling. Hindi kita masasamahan. Katatapos lang naming magtalo ng ina mo dahil sa *Binibining Laguna*. Tiyak na hindi niya nanaising makita ako ngayon. And the feeling is mutual, actually,” anito sa boses na halata ang disgusto.

“I understand, Mama Andie.” Nagpaalam na siya sa kausap.

“I can drive you,” anang tinig sa kabilang balkon.

Biglang napalingon si Trixie. Ang nalingunan niya ay si Macoy. May hawak na mug, bahagyang nakayukod ang katawan, ang mga braso ay nakapatong sa barandilya ng terasa, nakaharap sa kanya.

“Good morning. Coffee?” anito, iniangat ang mug sa gawi niya.

His hair was disheveled. Half of his face was black because of facial hair. Halatang bagong gising lang. Hindi gusto ni Trixie ang mga lalaking hindi nag-aahit. Pero bakit kay Macoy, mas nagmukha yata itong sexy? Naka-shorts lang ito, at dahil sa paraan ng pagkakayukod ay lalong naging defined ang abs ng lalaki. Muli niyang naramdaman ang pagnanais na paglandasin ang daliri sa katawan nito. Gusto niyang sundan ang guhit ng tattoo sa katawan ng binata at tuklasin kung ano ang pakiramdam ng balat nito.

He offered to drive her. And boy, he was starting to. Just his intense stare was enough to drive her. Drive her wild.

“No, thanks.” Ilang beses siyang napakurap. Hindi niya inasahan na literal nga palang katabi niya ang unit ng binata.

“Minsan na akong nag-offer sa iyo, uulitin ko

lang. P'wede kang kumatok sa unit ko basta may kailangan ka. At base sa narinig ko, kailangan mo ng driver. I can drive you," ani Macoy habang pinagmamasdan ang kabuuan niya. Kahit na nakapagpalit na ng tank top at shorts si Trixie, pakiwari niya ay naka-sleepwear pa rin siya sa paraan ng paghagod ng mga mata nito sa katawan niya.

"What?" Pakiwari niya ay ibang uri ng drive ang tinutukoy nito. And for unexplainable reasons, she felt excited.

"Just holler and I will drive you. Wherever, whenever," he smiled seductively before bringing the mug to his mouth.

"Kaya kong mag-drive mag-isa. Thank you." Humahanap pa si Trixie ng lakas para ilayo ang mga mata sa lalaki. Kung araw-araw na ito ang matatanawan niya, baka mas mapadalas siya sa terasa.

Macoy was a complex man. He was playful and a tease, just like now, but he could also be honest and sentimental when on stage. At hindi magawang iwaglit ng dalaga ang itsura at emosyong nasa mga mata ng lalaki noong kumakanta ito sa bar. Kaya hindi nakapagtata kang habulin ito ng mga babae.

“I can assure you, mas magaling akong mag-drive. I know how to drive slowly and I know when to drive fast.” His lips curved up in a naughty smile, his eyes twinkling. “Actually, I am better at driving when it’s fast.”

At sa paraan ng pagtitig nito sa kanya, alam ni Trixie na ibang uri ng drive nga ang sinasabi ng binata. Umangat ang kilay niya, pero hindi siya sumagot. Knowing the innuendo in his words made her insides turn mushy.

“So, settled na. Ako na ang magda-drive para sa iyo.” Tumayo ito nang tuwid at ipinatong ang mug sa balustre ng terasa.

Hindi siya kaagad nakasagot, muli siyang napatitig sa tattoo nito sa dibdib. Pinakawalan niya ang hiningang hindi niya namalayang naipit sa kanyang baga.

“Alas seis ng umaga ay dapat nasa Laguna ka na, di ba? Kung madaling-araw tayo aalis, darating tayo roon nang gan’ong oras. Kaya mo bang gumising nang gan’on kaaga?”

“Yeah,” wala sa sariling sagot ni Trixie. Mula sa dibdib nito ay bumaba ang nag-oobserbang mga mata niya, sinundan ang mga linya ng tattoo nito pababa sa sikmura.

“If I’m gonna drive for you, I prefer to use my wheels. Is that okay with you?”

“Sure.” Ang mga mata ng dalaga ay nakatutok pa rin sa katawan nito. Pinipilit niyang aninagin kung ano ba ang design ng tattoo ng kausap. Gusto niyang tumayo at lumapit kay Macoy para mas mapagmasdan ang tattoo nito, pero hindi niya magawa dahil pakirawi niya ay hindi rin kakayanin ng mga binti niya na tumayo.

“I like that you agreed. And I can assure you, babe, I can bring you there faster than you anticipated.” The way he spoke the words made her mind spin.

Mula sa katawan ni Macoy ay muling nagtama ang mga mata nila. Kasabay ng pag-iinit ng magkabilang pisngi ni Trixie ay ang pagkagat niya sa labi.

“Aww!” Bigla siyang napatingin sa kandungan. Noon niya na-realize na napadiin pala ang hawak niya sa cactus at natusok na siya ng tinik niyon.

Ang pagtawa ni Macoy ang nakapagbalik ng tingin niya rito. “Nasa tapat na ako ng pinto mo eksaktong alas cuatro ng madaling-araw.” Kinindatan siya nito at nginitian bago tumalikod.

Kumunot ang noo ni Trixie, pilit inalala ang

---

pinag-usapan nila kanina.

“Shit! What did I agreed to?” aniya sa sarili nang tuluyang ma-realize kung ano ang nangyari.

## 4



"Hi," bati ni Macoy kay Trixie bago pa man siya makaupo sa outdoor chair sa terasa.

Alas nueve na ng gabi. May hawak na baso ng gatas ay lumabas siya sa terasa. Hindi siya makatulog. At kahit anong tanggi niya, alam niyang dahil iyon sa naging biyahe niya kahapon sa Laguna, at sa alalahanin na baka may panibago na namang hilingin sa kanya si Mama Patty.

Truth be told, umaasa talaga siya na madatnan ang binata roon para man lang kahit paano ay malibang at makalimot siya. Macoy brought a new dimension to her monotonous world.

"Can't sleep?" anito bago dinala ang bote ng beer sa bibig. Katulad niya, hindi rin nito binuhay ang ilaw sa terrace. Tanging ang malamlam na ilaw mula sa loob ng unit ang nagsisilbi nilang liwanag.

Half of his face was partly hidden by shadows, and it made him look much more mysterious. Pero kahit hindi niya halos maaninag ang buong mukha

ng lalaki, kita naman niya ang kaseryosohan sa mga mata nito.

“Yeah,” aniya bago uminom ng gatas. Hinawakan niya ang mug gamit ang dalawang kamay, umaamot ng kaunting init doon.

“So am I,” wika nito, nilalaro ang hawak na bote ng beer. “Hindi ako makatulog dahil ang biyaheng inaasahan at pinaghandaan ko kahapon ay hindi natuloy.”

“Hindi mo ba natanggap ang sulat na iniwan ko sa lobby?” Sa kabila ng lahat ay nakaramdam ng sundot ng konsyensya si Trixie.

Bago pa siya umalis ng condo noong Linggo ng umaga ay nag-iwan na siya ng sulat sa lobby para sa binata. Ipinaalam niya rito na hindi siya magpapahatid. Pinilit talaga ng grupo ni Miss Vicky na matapos nang maaga ang shoot dahil na rin sa request ng kanyang ina. Kung anuman ang sinabi ng mama niya sa mga ito ay ayaw na niyang alamin.

Malaking tulong din ang propesyonalismo ng male model na kasama niya sa set sa maagang pagka-pack up nila. Iyon nga lang, pagkatapos ng take ay nagparamdam na kaagad ito ng interes sa kanya, na kaagad naman niyang binara.

At dahil maagang natapos ang commercial



shoot, nagdesisyon siyang dumiretso na lang sa Sta. Maria. She drove alone. And it was liberating.

Kinaumagahan, maaga pa'y nasa kapitolyo na sila. Dahil wala si Mama Andie ay ang kanyang ina ang kasama niya. Ipinakilala siya nito sa kung kani-kaninong tao, na sa totoo lang ay hindi naman niya natandaan ang mga pangalan.

Hindi rin siya nakipag-socialize sa mga kasamang kandidata. Bukod sa ang ilan sa mga iyon ay kinakitaan na niya ng pagka-intimidate sa kanya, ang mismong ina niya ay pinagbawalan siyang makipag-usap sa mga ito. Hindi raw siya dapat makikipaglapit sa mga talunan. Mga organizers ng pageant ang madalas na kausap nilang mag-ina, bukod pa sa mga alam nito na magiging judges sa patimpalak.

Madalas ipagmalaki ni Mama Patty ang pagiging model niya, maging ang pagrampa niya sa mga fashion show rito at sa ibang bansa. Madalas din nitong sabihin na kung accomplishment din lang ang sukatan, siya ang dapat mag-uwi ng korona. It's clear that her mother was really desperate to get that provincial crown, and Trixie couldn't help but wonder why.

Pero hindi iyon ang totoong nakapagpakaba

sa kanya. Ang mas nakapagpakaba sa kanya ay ang pagpapakita ng interes ng kanyang magulang na ipareha siya sa isang congressman. Carlos? Carson? Hindi niya matandaan ang pangalan.

Kongresista ito ng distrito na hindi na niya pinagkaabalang tandaan. Nakailang ulit ang kanyang ina sa pagbanggit ng mga achievements nito kahit na baguhan pa lang sa posisyon. Alam niyang ipinapareha siya nito sa kongresista, at sa malas ay mukhang interesado rin ang lalaki sa kanya.

Mula umpisa hanggang matapos ang introduction nila pagkatapos ng flag raising ceremony, at maging sa munting salo-salong inihanda para sa kanila, ay hindi na halos siya hiniwalayan ng congressman na iyon. Kahit na sadya niya itong binara at tinanong kung ano ang ginagawa sa Laguna gayong may sesyon sa Kongreso ay hindi man lang ito na-offend sa kanya.

Plano pa sana ni Mama Patty na mag-stay pa nang ilang araw ang dalaga sa Laguna, pero nagpilit na siya na makabalik kaagad sa Maynila, lalo na nang marinig niya na ini-invite ng ina niya ang congressman sa bahay nila para mag-dinner. Sinuwerte lang siya dahil sadyang may commitment na siyang naunang natanguan kinabukasan. Pero

kinakabahan siya sa posible pang gawin ng kanyang ina sa mga darating na araw.

“Natanggap ko. Pero alam kong iniawasan mo lang talaga ako,” ani Macoy bago muling uminom ng beer.

“Ayaw kong nakakaabala sa schedule ng ibang tao,” tugon ni Trixie na sinabayan ng kubit-balikat. Kahit na nasa magkaibang terrace sila ay hindi na niya magawang pigilin ang interes, maging ang pagtitig sa binata, paano na lang sa durasyon ng biyahe nila?

“Kung may schedule ako, hindi ako mag-volunteer na maging driver mo.”

Tumingin si Trixie sa nagkikislapang ilaw sa ibaba ng building. “Hindi ako sanay na may ibang tao na nagda-drive para sa akin na hindi ko kilala at lubos na pinagkakatiwalaan.”

“Pa’no ko maipakikitang mapagkakatiwalaan mo ako kung hindi mo ako papayagang makalapit sa iyo? At gusto rin kitang makilala pa nang lubusan, Trixie.”

Napalingon dito ang dalaga dahil sa kaseryosohan sa boses nito. At hindi lang boses nito ang seryoso, pagkat nang magtama ang mga mata nila ay nasiguro niyang talagang seryoso ito sa sinabi. At imbes na matuwa ay nakaramdam siya ng takot. Sanay siya na

natitingnan na may kasamang paghanga, pero ang matingnan na para bang talagang gustong arukin ang pagkatao niya ay bago sa kanya.

Matapos ang ilang minutong pag-uusap ng mga mata nila ay nagbawi ng paningin ang dalaga. Bahagya siyang umiling at muling tumingin sa ibaba ng building.

“Sa likod ng mga magazines, commercials at billboards na nakikita mo ay karaniwang babae lang ako, Macoy,” aniya bago mapait na ngumiti. “Hindi kayang pakinangin ng mga spotlights, o pagandahin ng makeup ang totoong babaeng kaharap mo. Walang espesyal sa akin. Ang totoo, ordinaryo lang ako.”

“Ang karaniwan o ordinaryo ay hindi tamang salita para i-describe ka, Trixie. May makeup o wala, maganda ka. May ilaw o madilim, nakikita ko pa rin ang pagiging espesyal mo,” seryoso pa ring sagot ng binata.

“Nakikita n’yo ang bagay na hinahayaan kong makita n’yo. Pero walang nakakaalam kung sino ang totoong ako.” Sa sobrang hina ng boses niya ay hindi niya sigurado kung narinig ng kausap ang sinabi niya.

Ilang minutong namayani ang katahimikan sa

pagitan nila. At kakatwang kung anong tahimik ng paligid ay siyang gulo ng kalooban ni Trixie. Wala siyang naririnig na ingay sa paligid, pero nabibingi siya sa isinisigaw ng kanyang isip. Ibinaba niya ang mug at itinakip ang mga kamay sa magkabilang tainga. Pumikit siya nang mariin at kinagat ang labi. Kailangan niyang i-distract ang sarili. Kailangan niya ng kausap, ng lilibang sa kanya, ng magpapalimot sa gulong nasa isip niya.

“Trixie?” bakas ang pag-aalala sa boses ni Macoy. “Okay ka lang ba?”

Sa nanlalabong paningin ay tiningnan niya ang binata, lumunok siya para alisin ang bikig sa lalamunan, “Oo, okay lang ako.”

Muli, may pait na gumuhit sa kanyang puso. Pinagkiskis niya ang nagpapawis na mga palad bago iniyapos ang mga braso sa katawan, pinipigil ang pangginginig niyon. Huminga siya nang malalim. Pahinamad siyang naupo sa wooden chair at ipinatong ang ulo sa ibabaw ng sandalan. Tumitig siya sa langit para pigilan ang mga luhang muntik nang pumatak.

“Huwag kang magpasilaw sa kinang na nakikita mo, Macoy. Hindi ang babae sa billboard ang totoong ako.” Tumigil muna sa pagsasalita si

Trixie at nagpakawala ng hininga. Kailangan na niyang pumasok bago pa lumala ang kanyang nararamdaman.

“Wag ka ring magpaakit sa gandang panlabas na nakikita mo. Dahil sa likod ng gandang ito ay isang pangit na bahagi ng pagkatao na mismong ama ko ay ikinahihiya iyon sa mundo,” aniya bago tumayo. Iniwan na niya si Macoy.



“Hi, Trixie.”

Muntik nang mapalundag si Trixie dahil sa mainit na hiningang tumama sa kanyang tainga. Maging ang cellphone na hawak ay nabitawan niya. Mabuti na lang at mabilis ang reflexes si Macoy at nasalo kaagad iyon bago pa malaglag sa semento.

“You almost caused me a heart attack!” aniya, pinandilatan ang binata na tatawa-tawa habang iniaabot ang nasalong cellphone.

Nasa tapat siya ng elevator at hinihintay iyong bumukas para makaakyat na siya sa kuwartong tinutuluyan niya.

“Don’t worry, I know a thing or two on ways how I can revive you,” anito, nangingislap sa kapilyuhan ang mga mata.

“Bakit ba kasi kailangan mo akong gulatin?”

Inirapan niya ito bago inagaw ang cellphone.

Matapos nilang mag-usap sa terasa noong isang linggo ay iniwasan na niyang lumabas doon. Hindi niya napigilang maging vulnerable noong huling nakaharap ang binata, at hindi na niya mapapayagang maulit pa iyon.

“By the way, congratulations! Bagay na bagay sa iyo ang national costume mo,” anito, bakas ang paghanga sa mga mata.

Umangat ang kilay ni Trixie.

“Nanood ako. Kinuhanan pa kita ng litrato,” nakangiting dagdag nito.

Kanina ay ginanap ang National Costume Competition ng *Binibining Laguna*. Magpapalipas na siya ng gabi rito sa Calamba dahil bukas ay paluwas na rin siya sa Manila. Pagkatapos ng event ay lumipat sila sa function hall ng pinakamalaking hotel sa Calamba. Doon na sila nag-dinner habang nagbi-briefing na rin para sa kasunod pang activities tulad mga guestings sa TV at radio stations.

Bago pumunta sa function room ay mabilis siyang umakyat sa kuwartong nauna na niyang naipa-reserve para magpalit ng damit. Nakasuot siya ng sneakers, pants at t-shirt na provided ng organizers ng *Binibining Laguna*.

Nag-beg off si Trixie na sumama sa iba pang activities dahil sa prior commitment sa Manila. Bukas ng umaga ay nakaplano na ulit ang pagbalik niya dahil sa scheduled photo shoot para sa clothing line na ineendorso niya. Mismong ang Mama Patty pa niya ang nagpaliwanag noon kay Ms. Ruffa, ang head organizer ng *Binibining Laguna*, bago ito umuwi sa Sta. Maria. Napagod daw ito sa event kaya gusto nang magpahinga. Sa kung paanong paraan ito pagod ay hindi na inalam ni Trixie.

“Hindi ka na nakasagot? Hindi ka ba makahinga? I can do some procedures now, if you want,” Macoy said teasingly before his appreciative eyes travelled down her body.

“I’m okay. Nagulat mo lang talaga ako. Anyway, ano’ng ginagawa mo rito?” aniya na huminga nang malalim. Wala yatang planong bumagal ang tibok ng puso niya, lalo na ngayong halos gadali na lang ang layo ng binata.

“Because of you,” nakangiting sagot nito.

Napakurap si Trixie, bahagyang umawang ang mga labi. Dahil walang facial hair si Macoy ay lumabas ang boyish charm nito. Pero nang mapatitig naman siya sa mga mata ng lalaki ay nasiguro niyang walang boyish innocence na nananalaytay sa



katawan nito. Muli ay huminga siya nang malalim at pilit pinabagal ang mabilis na tibok ng puso. Kanina ay dahil iyon sa gulat, pero ngayon, dahil na iyon sa mga emosyong naglalaro sa mga mata ng binatang kaharap.

“Yeah, right.” Pinaikot ni Trixie ang mga mata. Napatingin siya sa ibang kandidata na nagsisilabas na rin sa function room, papunta sa lobby. Muli siyang napalingon sa elevator nang bumakas iyon, pero imbes na pumasok sa loob ay bigla siyang napaharap muli sa lalaking katabi, nakaawang ang mga labi sa gulat.

“Phonenap ’to,” ani Macoy na dagling naagaw ang cellphone niya at mabilis na lumakad palabas ng hotel.

“Hey!” Pero kahit lakad-takbo ang ginawa ni Trixie ay hindi niya naabutan ang binata. Kumunot ang noo niya dahil paglabas niya sa driveway ay hindi rin niya ito matanaw.

Ang pagkakakunot ng noo niya ay napalitan ng paghanga nang may pumaradang sports car sa tapat niya. *A 2013 Red Ferrari 458 Italia*. Trixie knew a thing or two about cars. May ginawa siyang ad campaign para sa isang luxury car noong isang taon na naging dahilan ng pagkahilig niya roon, at kaya

naisipan niyang kumuha ng driving lesson at bumili na rin ng sariling kotse, isang *BMW 118i M Sport*.

Nang bumaba ang bintana ng sports car sa tapat niya ay gayon na lang ang pagtaas ng kilay ni Trixie.

“Get in,” ani Macoy.

“Why would I? Nasabi ko naman sa iyo na hindi ako basta-basta nagtitiwala pagdating sa pagmamaneho ng ibang tao,” tugon niya, pero lalong napuno ng tanong ang isip niya. Sino ba talaga ang binata? “At lalong hindi ako sasakay sa kotseng hindi ko naman alam kung sa ’yo nga.”

Umangat ang sulok ng mga labi nito. “Narito ang kopya ng ORCR ng kotse. Sumakay ka, ipapakita ko sa ’yo.”

Humalukipkip ang dalaga at tinaasan ng kilay ang lalaki. “Who are you, really? Kung musikero ka lang, paano ka nagkaroon ng ganitong kotse?”

Lumapad ang pagkakangiti ng binata. “That’s degrading and demeaning, babe. Kapag ba musikero, wala nang karapatang magka-wheels ng ganito?”

“Hindi iyon ang ibig kong sabihin.” Nakaramdam siya ng pag-iinit ng mukha.

Umangat lang ang dalawang kilay nito, at makalipas ang ilang sandali ay umiling. “Kung gusto mong makuha nang buhay ang cellphone mo,

sumakay ka.” Muling umangat ang isang sulok ng mga labi nito.

Mariing naglapat ang mga labi ni Trixie. “That’s unfair, Mackenzie Andrade!”

“Is my baby brother bothering you?” anang isang babaeng bagong lapit sa kanya. “Hi, I’m Reina, his most understanding, supportive and beautiful Ate.”

“Dahil ikaw lang naman ang nag-iisang ate ko,” singit ng natatawang si Macoy.

Tinapunan ito ng matalim na irap ng kapatid bago muling bumaling sa kanya si Reina, “I remember you from earlier. Trixie, right?” anito na inilahad ang kamay.

“Yes. Nice meeting you, Miss Reina.”

Naipakilala na ito kanina ni Ms. Ruffa sa kanilang lahat bago pa mag-umpisa ang dinner at briefing. Anak si Reina ng may-ari ng hotel na ito, at ang babae ang pumunta sa function as representative ng mga magulang na kasalukuyang nasa ibang bansa.

“Wait! Ikaw rin ba ang Trixie na nakatira sa katabing unit ng condo ko sa Makati?” nakangiting tanong ng babae na hindi pa rin binibitawan ang kamay niya.

Napatingin siya sa binatang bumaba sa kotse.

“So, sa ’yo pala ’yon?” aniya na muling nagbaling ng tingin sa kausap.

“Yes. Ako ang unang gumamit n’ong nag-masteral ako sa Manila. Well, if you’re just next door, can I ask you a question?” anito, saka pa lang binitawan ang kamay niya.

“What about?” Muli siyang napatingin sa lalaking tumayo sa tabi niya. Pero nang masalubong niya ang mga mata nito ay magbawi na lang siya ng paningin at nag-focus sa ate nito.

“Talaga bang buhay pa ang mga halaman ko sa terrace? Ibinilin ko sa kanya na alagaang mabuti ang mga ’yon,” ani Reina na tinapunan ng nagdududang tingin ang kapatid.

Napatawa si Trixie bago napatingin ulit sa binatang katabi. He was smiling sheepishly, his eyes pleading, as if asking her to lie for him. And that boyish grin almost made her give in. Inismiran niya ang binata bago muling bumaling sa kapatid nito.

“Kung ang itinanim mo sa pots ay mga upos ng sigarilyo, masasabi kong buhay na buhay sila.”

“Macoy! How could you!” Pinandilatan ni Reina ang lalaki, hindi makapaniwala. “That was a test! Paano mo pangangalagaan ang farm natin kung halaman lang sa paso, hindi mo pa maalagaan?”

“I’m sorry, Ate Rein. Na-distract lang ako,” natatawang sagot ni Macoy bago bumulong sa kanya. “You’ll pay for this, babe.”

Nanulay ang init mula sa tainga niya pababa sa buong katawan dahil sa ginawa ng binata. Napapikit si Trixie at nakagat ang labi. Naikuyom niya ang kamao.

“Distracted, my foot!” Naniningkit pa ring ang mga mata ni Reina habang nakapamaywang. “Kung halaman pa lang, namamatay na, paano pa ang mga livestocks natin?”

“You are overreacting over flowering plants, Ate. Do you really expect me to regularly water that? Kung deflowering pa ’yan, maaasahan mo ako,” pabirong sagot ng binata na inakbayan ang kapatid.

“You’re impossible, Mackenzie!” natatawang sagot nito bago tinabig ang kamay ni Macoy.

“Wag kang mag-alala, Ate. Kaya kong pamahalaan ang farm. At sinisiguro kong walang mamamatay na baka o baboy sa pangangalaga ko.” Muling tumabi ang lalaki sa kanya. “Anyway, we’re going.” Hinawakan siya nito sa siko bago binuksan ang pinto ng sports car.

Tinaasan niya ito ng kilay, pero hindi pa rin siya lumulan sa kotse.

“Maybe I am, pero gusto ko lang ipaalala sa iyo, Macoy, hindi biro ang iaatang na trabaho ni Papa sa 'yo oras na makatapos ka sa vet school. May rancho kang iha-handle. Be responsible. Stop playing around,” seryosong sagot ng ate nito.

Bumaling si Macoy kay Reina. “I am serious, Ate. Never been this serious my whole life,” anito bago lumingon sa kanya.